**LES TROYENS À CARTHAGE**

Sa Mga Akto 1 at 2 (*La prise de Troie),* matapos ang maraming taon ng digmaan, nawasak sa wakas ng mga Griyego ang lungsod ng Troy.

**Akto 3. Palasyo ni Dido sa Carthage.** Isang masigabong koro ang bumati kay Reyna Dido. Nang mapatay ang kaniyang unang asawa, si Haring Sychaeus ng Tyre, pinangunahan ni Dido ang kaniyang mga tao patungong Hilagang Africa, kung saan nagtayo sila ng isang maunlad at magandang lungsod ng Carthage. Nangako ang mga tao na ipagtatanggol nila si Dido laban kay Iarbas, ang kalapit na Hari, na humiling ng kaniyang kamay sa kasal at ngayon naman ay nagbabanta na sasalakayin ang kanilang teritoryo.

Naisip ng kapatid ni Dido na si Anna na kailangan muli ni Dido ng pag-ibig sa buhay niya. Ngunit si Dido, na palaging naaalala ang pinaslang na si Sychaeus, ay naguguluhan at nagpasyang manatiling walang asawa.

Humahanap ng kanlungan sa daungan ang isang banyagang armada na sinalanta ng isang bagyo. Naririnig ang martsa ng Trojan: Si Ascagne, anak na lalaki ni Aeneas ay nagsasalita para sa mga refugee, na tumatakas mula sa pagkawasak ng kanilang lungsod, ang Troy. Malugod na tinanggap sila ni Dido. Sa sandaling iyon, pumasok si Narbal na balisa:Nakapasok na ang hukbo ni Iarbas sa kanilang teritoryo at nagbabanta sa Carthage. Agad na nagpresinta si Aeneas mula sa mga Trojan para itaboy ang mga kaaway ni Dido. Masiglang tinanggap ni Dido ang kaniyang tulong, at lumakad siya palabas para depensahan ang Carthage.

**Akto 4. Maharlikang Pangangaso at Bagyo.** Sa isang kagubatan sa labas ng Carthage, isang bagyo ang nagbabadya sa kalangitan. Pagbalik mula sa pangangaso, naghanap sina Dido at Aeneas ng silungan sa isang yungib habang hinahati ng kidlat ang kalangitan. Ang galit ng bagyo ay nagpaliyab ng kanilang damdamin at kanilang pinagsaluhan ang pag-ibig, na nasasaksihan ng kalikasan.

**INTERMISYON**

**Mga hardin ni Dido sa tabi ng dagat.** Sinabi ni Narbal kay Anna ang kaniyang pangamba na napapabayaan na ni Dido ang mga gawain ng estado dahil abala ito kay Aeneas. Ipinaliwanag ni Anna na mahal ni Dido si Aeneas. Umaasa si Anna na ang pag-ibig, ang pinakamakapangyarihang diyos sa lahat, ay magbibigay ng lakas kay Dido sa pamamagitan ng bagong ugnayan kay Aeneas.

Si Iopas, ang makata ng korte, ay umaawit ng papuri ni Ceres. Hiniling ni Dido kay Aeneas na ipagpatuloy ang kuwento tungkol sa kapalaran ng Troy. Anong nangyari kay Andromache? Ipinaliwanag ni Aeneas na sa huli, ikinasal ang binalo ni Hector sa nakahuli sa kaniya na si Pyrrhus. Tahimik na inalis ni Ascagne ang singsing pangkasal ni Dido (mula sa kaniyang unang pag-aasawa). Para kay Anna, ang batang lalaki ay kahawig ni Cupid—isang paalaala ng hindi matitinag na kapangyarihan ng pag-ibig.

Umawit ng duet na "Nuit d'ivresse et d'extase infinie" sina Dido at Aeneas habang magakasama sa hardin. Ngunit sa kabila ng pag-iibigan nilang dalawa, pinaalala ng diyos na si Mercury ang tadhana ni Aeneas na magpatuloy mula sa Carthage at magtatag ng isang makapangyarihang imperyo: ang "Italia!"

**Akto 5. Ang daungan sa gabi.** Nakadaong ang mga barkong Trojan. Sina Panthee at ang mga pinuno ng Troy ay naghahanda para sa pag-alis ng armada; bawat sandaling nasasayang ay naglalapit sa galit ng mga diyos.

Si Aeneas, na nahahati sa pagitan ng kaniyang pagmamahal kay Dido at ng utos ng mga diyos sa kaniya na iligtas ang kaniyang mga kababayan at itatag ang imperyong Romano, ay umawit ng aria na "Inutiles regrets." Iniutos ng mga multo mula sa Troy na sundin ang kaniyang tadhana. Nang makapagdesisyon na siya, iniutos niya na pumunta ang mga Trojan sa kanilang mga bangka. Wasak ang puso, nagmakaawa si Dido kay Aeneas na manatili ito sa kaniyang tabi. Ngunit nang marinig ang tunog ng martsa ng Trojan, sumakay na si Aeneas sa kaniyang barko.

**Sa Palasyo ni Dido.** Sinubukan ni Dido na kumbinsihin si Anna na pumunta sa daungan upang makiusap para sa kaniya. Sinabi ni Anna na mahal pa rin ni Aeneas si Dido, kahit na ang kaniyang mga tungkulin ay nagtutulak sa kaniya na iwan siya nito. Sinabi ni Dido na ang pag-ibig ang magtutulak sa kaniya na suwayin ang mismong si Jove. Habang naglalayag ang mga barko, sumabog ang galit ni Dido, inutusan ang mga taga-Carthage na habulin at lipulin ang mga traidor na Trojan. Iisang bagay na lang ang natitira sa kaniya: itayo ang isang nakakatakot na bunton ng apoy para sa mga diyos ng ilalim ng lupa, at doon sunugin ang lahat ng bagay na may kaugnayan kay Aeneas. Naiwang mag-isa, plinano ni Dido ang sarili niyang kamatayan. Sa aria na "Adieu, fiere cite," nagpapaalam siya sa Carthage, isang lungsod na ipinanganak mula sa kaniyang pangarap at pagsisikap, isang lungsod na mananatili bilang patunay ng kanyang lakas at diwa.

**Isang terasa na tanaw ang dagat.** Isang sunog ng libing ang pinamumunuan ng mga pari ni Pluto. Isinumpa nina Anna at Narbal ang mga Trojan. Sumampa si Dido sa bunton ng apoy, kinuha ang espada ni Aeneas, at nagpahayag ng propesiya na balang araw magkakaroon ang kaniyang mga tao ng isang mandirigma, si Hannibal, na maghihiganti para sa Carthage laban sa Roma. Pagkatapos, itinarak niya ang espada sa kaniyang dibdib. Ngunit sa isang pangitain, nakita ni Dido ang tagumpay ng Roma. Namatay siya habang humihiyaw ng mga sumpa ang mga taga-Carthage sa mga Trojan. Ngunit kinokontra sila ng Martsa ng Trojan, at isang pangitain ng Walang-Hanggang Roma ang lumitaw sa likod ng bunton ng apoy ni Dido.